4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino 4

Kuwarter 4

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 4**
**Kwarter 4: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:
- Andilaine R. Tajanlangit (DepEd- Valenzuela (Malinta NHS)

**Tagasuri**:
- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto o hakbang).<br>a. Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram<br>b. Naipakikita ang nakalap na impormasyon gamit ang balangkas o dayagram<br>2. Nasusuri ang layon ng teksto –maglahad (pagsunod-sunod sa panuto o hakbang).<br>3. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (magsalaysay at maglahad).<br>4. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.<br>a. Kaantasan ng Pang-uri–lantay<br>5. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal)<br>6. Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may kapistahan at pambansang pistang opisyal.<br>7. Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon. |
| **D. Nilalaman** | Ikalimang Linggo<br>AKDANG IMPORMATIBO:<br>Tula<br><br>KAUGNAY NA PAKSA: |

| | |
|---|---|
| | Wika: Kaantasan ng Pang-uri<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>Patalastas |
| **E. Integrasyon** | Pagkilala sa Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


2,076 Sinulog Images, Stock Photos, 3D objects, & Vectors | Shutterstock. (n.d.). Shutterstock. https://www.shutterstock.com/search/sinulog

6 Petals Flower Organizer - Freeology. (n.d.). https://freeology.com/graphicorgs/6-petals-flower-organizer/

Brownlee, L. (2018, December 12). Masskara Festival. Pinterest. https://www.pinterest.com/pin/374362406388162421/

Eurasia. (2018, July 18). Panagbenga Flower Festival - Baguio Holiday Villas. Baguio Holiday Villas. https://www.baguioholidayvillas.com/2018/02/23/panagbenga-flower-festival/

Filipino.Net.ph. (2024, January 18). Ano ang Pang-uri? Kahulugan, Kaantasan at mga Halimbawa | Filipino.Net.ph. Filipino.Net.ph. https://filipino.net.ph/pang-uri/

Mayumi. (2021, January 7). Masskara Festival. Bacolod City, Philippines Editorial Image - Image of peole, travel: 66589300. Pinterest. https://www.pinterest.com/pin/masskara-festival-bacolod-city-philippines-stock-photo--155515612035011681/


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **1. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**BIGKAS-TULA:** Pagbasa ng isang tekstong naratibong tulang pambatang pinamagatang *Bakasyon ni Lenoj*.<br><br>**Bakasyon ni Lenoj**<br>ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit<br>Si Lenoj ay isang mabait na bata, | Sa pagpapabasa ng tula sa mga mag-aaral, tiyaking nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (magsalaysay at maglahad). |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
isinama siya ng kanyang mapagmahal na ama't ina,<br>
magbabakasyon sila sa malayong probinsya;<br>
sa Bacolod at Guimaras na magkasingganda.<br>
<br>
Si Lenoj ay may edad na tatlo,<br>
sobrang saya niyang makasakay sa eroplano;<br>
hindi rin siya natakot sumakay sa barko,<br>
tuwang-tuwa pa nga ang batang bibo.<br>
<br>
Pagkarating nila sa lalawigan,<br>
nakilala niya ang kaniyang mga pinsan,<br>
mga tito't tita, lolo't lola, siya'y kinagiliwan;<br>
sapagkat siya ay matalino at magalang.<br>
<br>
Gabay na mga tanong:<br>
<br>
1. Sino ang isinama upang magbakasyon?<br>
2. Saang lugar pupunta ang mag-anak?<br>
3. Ano-anong sasakyan ang sinakyan ni Lenoj?<br>
BahaGAINan: Ibahagi ang sariling karanasan tuwing bakasyon.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>2. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
<br>
HULARAWAN: Kumpletuhin ang mga letra upang mabuo ang salita batay sa mga larawan.<br>
<br>
<br>
<br>
Kinuha mula sa:<br>
https://www.shutterstock.com/search/sinulog<br>
https://www.pinterest.com/pin/masskara-festival-bacolod-city-philippines-stock-photo--155515612035011168/<br>
<br>
<table>
<tr><td>K</td><td></td><td>P</td><td></td><td>S</td><td></td><td></td><td>H</td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
BahaGAINan: Ibahagi ang paunang kaalaman hinggil sa mga kapistahan sa Pilipinas.<br>
<br>
1. Ano-anong kapistahan ang ipinagdiriwang sa Pilipinas?
</td>
<td>
Ang bahaging ito ay maaaring gawin sa loob ng limang (5) minute lamang. Maaaring gawing paligsahan o isahan. Puwede ring dagdagan ng guro ng ilang gawain o larawan.<br>
<br>
Tamang Sagot:<br>
<br>
Kapistahan
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano-anong lugar sa Pilipinas ang nagdiriwang ng mga kapistahan?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**RAMBOLETRA:** Bago ipabasa sa mga mag-aaral ang tulang pinamagatang Pista sa 'Pinas, ipaayos sa mga mag-aaral ang mga ginulong letra upang mabuo ang salita batay sa ibinigay na kahulugan dito. Ipagamit din sa sariling pangungusap ang mga salita.<br><br>1. Pasasalamat sa **natamong** mga biyaya.<br>A K H N U A<br>**Pangungusap:** __________<br><br>2. Dito **nagtutungo** ang mga deboto.<br>A G N U P A T N U P<br>**Pangungusap:** __________<br><br>3. **Alay** sa mahal na Sto. Niño.<br>G O D N A H<br>**Pangungusap:** __________<br><br>4. **Idinaraos** ito tuwing buwan ng Pebrero.<br>G I W A G A N A<br>**Pangungusap:** __________<br><br>5. Ipinagdiriwang sa iba't ibang **dako.**<br>A L G U R<br>**Pangungusap:** __________ | |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Tekstong Impormatibo**<br>Ang tekstong impormatibo ay tinatawag ding ekspositori. Ito ay isang anyo ng tekstong naglalayong magpaliwanag at magbigay ng impormasyon. Kadalasang sinasagot nito ang mga batayang tanong na ano, kailan, saan, sino, at paano. Pangunahing layunin ng impormatibong teksto ay ang magpaliwanag sa mga mambabasa ng anomang paksa na matatagpuan sa tunay na daigdig.<br><br>Ang mga halimbawang sulatin o akdang naglalaman ng tekstong impormatibo ay ang sumusunod: mga sangguniang aklat tulad ng ensayklopedya, almanak at dyornal, mga ulat, pananaliksik, artikulo at komentaryo sa mga pahayagan, polyeto o brochure, balita at suring-papel. | Sa pagpapabasa ng tula sa mga mag-aaral, tiyaking nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (magsalaysay at maglahad).<br><br>Sa pagpapabasa ng tula, tiyaking nagagamit ng mga mag-aaral ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal). |

| | | |
|---|---|---|
| | **Basa-Tula:** Pagbasa ng isang tulang impormatibong pinamagatang Pista sa 'Pinas.<br><br>**Pista sa 'Pinas**<br>ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Bahagi na ng ating kultura<br>ang pagdiriwang ng mga pista,<br>sa iba't-ibang dako nagmula<br>bilang pasasalamat sa natamong mga biyaya.<br><br>Nariyan ang Pista ng Itim na Nazareno<br>tuwing ikasiyam ng Enero;<br>idinaraos sa Quiapo<br>na talaga namang dinarayo.<br><br>Mayroon ding Ati-Atihan<br>mula naman sa Kalibo, Aklan;<br>ikalawa hanggang ikatlong linggo<br>tuwing buwan ng Enero idinaraos ito.<br><br>Alay sa mahal na Sto. Niño<br>ang *Sinulog Festival* mula sa Cebu;<br>libo-libong deboto ang dito'y nagtutungo,<br>tuwing buwan ng Enero.<br><br>Ang Panagbenga *Festival* ng Baguio<br>ay idinaraos naman tuwing buwan ng Pebrero;<br>mga bulaklak na magaganda at mababango<br>ang tampok sa pistang ito.<br><br>Habang ang Moriones *Festival*<br>mula sa Marinduque naman;<br>mula Lunes Santo ipinagdiriwang<br>hanggang Pasko ng Pagkabuhay.<br><br>Alay naman kay San Isidro Labrador<br>ang Pahiyas *Festival* mula sa Lucban Quezon;<br>tuwing ikalabinlima ng Mayo kada taon<br>at pinakainaabangan ang "kiping" ng mga taga roon.<br><br>Hindi pahuhuli ang *Lechon Festival,*<br>tuwing ikadalawampu't apat ng Hunyo itinatanghal<br>sa lalawigan ng Batangas, lungsod ng Balayan;<br>bibihisan at ipaparada ang mga *lechon* sa buong bayan.<br><br>Ang Pista naman ng Kadayawan<br>ay mula sa Lungsod ng Davao;<br>ikatlong linggo ng Agosto ipinagdiriwang<br>pasasalamat sa kasaganahan.<br><br>Ang Pista ng Peñafrancia<br>mula naman sa lalawigan ng Naga;<br>tuwing ikatlong sabado ng Setyembre isinasagawa<br>at mayroon pang karera ng mga bangka.<br><br>Tuwing buwan ng Oktubre naman<br>ipinagdiriwang sa Bacolod ang *MassKara Festival;*<br>sumisimbolo ng ugali at pagkakakilanlan<br>bilang lungsod ng mga ngiti ang kanilang lugar.<br><br>Ilan lamang iyan sa ating mga kapistahan,<br>nangangahulugang ang ating bansa'y lubhang napakayaman<br>sa kultura at tradisyon na ipinagdiriwang;<br>kaya naman nararapat na ipagmalaki't pahalagahan.<br><br>**PISTALAHANAYAN:** Punan ang talahanayan ng mga datos mula sa binasang tulang pinamagatang Pista sa 'Pinas. | Tiyaking nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may kapistahan at pambansang pistang opisyal.<br><br>Ang "kiping" ay isang *wafer* na gawa sa bigas na may iba't ibang kulay. |

| Kapistahan/Festival | Petsa kung kailan idinaraos ang kapistahan | Lugar kung saan idinaraos ang kapistahan |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| 6. | | |
| 7. | | |
| 8. | | |
| 9. | | |
| 10. | | |

**SIMBO-GETS MO:** Ilahad ang sinisimbolo ng sumusunod na may kinalaman sa pagdiriwang ng kapistahan.

Sa pamamagitan ng talahanayan, tiyaking naipakikita ng mga mag-aaral ang nakalap na impormasyon mula sa tulang binasa.

1.



**Maskara**

Kinuha mula sa:
https://www.pinterest.com/pin/37436240638816242/

2.



**Bulaklak**

Kinuha mula sa:
https://www.google.com/search?sca_esv=0f14928c59bdde74&sca_upv=1&q=bulaklak+sa+panagbenga&tbm=isch&source=lnms&sa=X&ved=2ahUKEwjJ98fbgsiEAxXNwjgGHc0NCy0Q0pQJegQIDBAB&biw=1536&bih=730&dpr=1.25&safe=active&ssui=on#imgrc=VSrny6zYMz4sBM


**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**A. PISTANONG:** Hahanap ng kapares ang mga mag-aaral at sasagutin ang sumusunod na mga katanungan. Pagkatapos ay ibabahgi sa klase ang mga sagot.

1. Ano-anong mga pista ang personal ninyong nasaksihan?
2. Ano-anong kaganapan ang mayroon tuwing pista?
3. Bakit isinasagawa ang isang pista?
4. Maglahad ng iyong sariling karanasan tuwing may pista sa inyong lugar.
5. Ano ang anyong reaksiyon sa pagsasagawa ng mga kapistahan?


Maaaring pangkatan, isahan o dalawahan ang gawaing ito.

**B. PILI-PISTA:** Papiliin ang mga mag-aaral ng isang kapistahan at ipalahad sa kanila ang mga impormasyon ukol dito sa pamamagitan ng *graphic organizer.*




Maaaring dagdagan o bawasan ang bilang ng pangkat, depende sa dami ng bilang ng mga mag-aaral sa klase.

**C. TEKSTO-SURI:** Suriin ang uri at layon ng tekstong binasa gamit ang *Graphic Organizer.* Ipasulat sa mga mag-aaral, ang katangiang taglay ng teksto kung bakit iyon ang naging kasagutan sa loob ng bawat talulot ng bulaklak.




Kinuha mula sa: https://freeology.com/graphicorgs/6-petals-flower-organizer/

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Pangkatang Gawain:** Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng pagsasadula hinggil sa napiling Kapistahan.

**Pamantayan sa Pagmamarka:**

(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)

**Kaugnay na Paksa 2: Kaantasan ng Pang-uri**
**Pagproseso ng Pag-unawa**

**Pang-uri**- isang bahagi ng pananalita na nagbibigay-turing o naglalarawan sa pangngalan at panghalip.

| Pangngalan | Pang-uri |
|---|---|
| 1. hugis | tatsulok |
| 2. bilang | walo |
| 3. kulay | dilaw |
| 4. hitsura | maganda |
| 5. laki | mataas |

| Panghalip | Pang-uri |
|---|---|
| 1. ako | Mabait |
| 2. ikaw | Matapat |
| 3. siya | Malambing |
| 4. tayo | Masunurin |
| 5. sila | Masisipag |

**Kaantasan ng Pang-uri:**

a. **Lantay-** nagpapakita o nagsasaad ng isa o payak na paglalarawan sa pangngalan o panghalip.

halimbawa:

1. Matamis ang mangga.
2. Mapula ang pakwan.
3. Tahimik ang paligid.

b. **Pahambing-** naghahambing ng dalawa o higit pang pangngalan o panghalip.

halimbawa:

1. Di-gaanong malinis sa bahay si Rhianne kaysa kay Rhiza.
2. Magkasingtangkad sina Lovely at Rachell.
3. Di-hamak na masipag si Jonel kaysa kay Jun.

**Dalawang uri ng paghahambing:**

1. **Paghahambing na Magkatulad-** ginagamit ito kung ang dalawang inihahambing ay parehas ng katangian.
   halimbawa:
   Magkasingganda sina Judy at Eliza.
   Sintigas ng bakal ang kamao ng boksingero.

2. **Paghahambing na Di- Magkatulad-** ginagamit ito kung ang dalawang inihahambing ay hindi parehas ng katangian.

Tiyaking nakabubuo ng tekstong biswal ang mga mag-aaral (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon.

a. **Hambingang Pasahol-** may higit na katangian ang pinaghahambingan kaysa inihahambing.
halimbawa:
Di-gaanong matamis ang melon kaysa pakwan.

b. **Hambingang Palamang**- may higit na katangian ang inihahambing kaysa pinaghahambingan.
halimbawa:
Higit na masipag si Chichi kaysa kay Steph.
Di-hamak na tahimik si Angelo kaysa kay Christopher.

c. **Pasukdol-** nagsasaad ng katangiang namumukod o nangingibabaw sa lahat.
halimbawa:
1. Si Adela ang pinakamatalino sa buong klase.
2. Napakabait ni Andres sa kanyang mga magulang.
3. Sobrang saya ni Enia kapag may bagong laruan.

**HANAP PANG-URI:** Mula sa mga makikita sa loob ng silid-aralan, magbigay ng mga pang-uring naglalarawan sa isang Pangngalan.

| **Mga halimbawa ng Pang-uri na matatagpuan sa loob ng silid-aralan:** |
|---|
| |
| |
| |
| |

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**TARABASA:** Ipabasang muli sa mga mag-aaral ang tulang pinamagatang Bakasyon ni Lenoj.

**Bakasyon ni Lenoj**
ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit

Si Lenoj ay isang mabait na bata,
isinama siya ng kanyang mapagmahal na ama't ina,
magbabakasyon sila sa malayong probinsya;
sa Bacolod at Guimaras na magkasingganda.

Si Lenoj ay may edad na tatlo,
sobrang saya niyang makasakay sa eroplano;

Pagkarating nila sa lalawigan,
nakilala niya ang kanyang makukulit na mga pinsan,
mga tito't tita, lolo't lola, siya'y kinagiliwan;
sapagkat siya ay matalino at napakagalang.

<table>
<tr><td></td><td>

hindi rin siya natakot sumakay sa barko,<br>tuwang-tuwa pa nga ang batang bibo.

**TULAHANAYAN:** Isulat sa talahanayan ang mga pang-uring ginamit sa tulang *Bakasyon ni Lenoj*. Tukuyin kung anong kaantasan ng pang-uri ito nabibilang.

<table>
<tr><th>Pang-uri</th><th>Lantay</th><th>Pahambing</th><th>Pasukdol</th></tr>
<tr><td>1.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>6.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>7.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>8.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>9.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>10.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

**IKAAPAT NA ARAW**

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**PATALASTAS:** Hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay magsasagawa ng patalastas batay sa layon na makapaglahad ng impormasyong ginagamitan ng mga kaantasan ng pang-uri.

**Pamantayan sa Pagmamarka:**<br>(Tingnan ang worksheet para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)

</td><td></td></tr>
<tr><td>

**4. Paglalahat**

</td><td>

**1. Pabaong Pagkatuto**

**A. PISTA-REBYU:** Basahing mula ang tulang pinamagatang Pista sa 'Pinas. Bumuo ng buod na binubuo ng lima hanggang sampung pangungusap.

**B. SURI PANG-URI:** Salungguhitan ang pang-uring ginamit sa pangungusap. Isulat sa patlang ang kaantasan ng pang-uri nito.

_________________1. Ang *MassKara Festival* ang pinakamakulay na pagdiriwang sa buong Pilipinas.

</td><td>


**Mga Tamang Sagot:**

</td></tr>
</table>

_______________2. Tatak ng *Panagbenga Festival* ang magarbong kaayusan ng mga bulaklak.
_______________3. Ipinakikita ng Lucbanos ang kanilang talento at pagiging mas malikhain sa pagdidisenyo ng kanilang mga tahanan tuwing Pahiyas *Festival*.
_______________4. Ang Kadayawan *Festival* ay nangangahulugang ang mga bagay ay maganda.
_______________5. Ang Peňafrancia *Festival* ang pinakamalaking pista ng Marian sa buong bansa.

C. **PISTA-HAMBING:** Pumili ng dalawang kapistahan na paghahambingin gamit ang mga pang-uri.




2. **Pagninilay sa Pagkatuto**

A. **PaghamVENNgin:** Ipabasa ang tulang Halina sa Tagalag. Sagutin ang gabay na mga tanong. Ihambing ang tulang Halina sa Tagalag, sa tulang tinalakay na Pista sa 'Pinas. Gamit ang *Venn Diagram*, isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang tula.

**Halina sa Tagalag**
ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit

Lungsod ng Valenzuela,
sa NCR makikita;
mga atraksiyo'y kahali-halina,
Barangay Tagalag laging nangunguna.


Sa Tagalag ay matatagpuan,
Tata Selo, at Palapat na ilan sa mga kainan,
mayroong Eco Park na mapapasyalan,
na lubhang kinagigiliwan ng mga kabataan.

Ang dahilan nang pananatili ng kaayusan
ay ang mga katangiang taglay ng mamamayan,
una, ang pagiging disiplinado at huwaran
ikalawa, ang malasakit sa kanilang kapaligiran.


Ikatlo, ay ang pagkakaisa sa adhika
kaapat, masunurin sa mga ordinansa
at ikalima, ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa;
na lubhang nakamamangha.

Kaya naman tunay na hinahangaan,
nang mga karatig lungsod at lalawigan,
kaya't patuloy pang pinag-iinam
ang serbisyong para sa bayan.

1. pinakamakulay- pasukdol
2. magarbo- lantay
3. mas malikhain- pahambing
4. maganda- lantay
5. pinakamalaki- pasukdol




**B.** Magtala ng mga katangiang taglay ng mamamayan ng Tagalag gamit ang dayagram.




| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>**A. Panuto:** Isulat sa patlang letra nang wastong sagot.<br><br>____1. Uri ng teksto na sumasagot sa tanong na ano, sino, at paano tungkol sa isang paksa.<br>A. deskriptibo B. impormatibo C. naratibo D. persweysib<br><br>____2. Ang layunin ng tekstong impormatibo, kung saan makadaragdag sa kaalaman ukol sa isang paksa.<br>A. maglahad B. maglarawan C. manghikayat D. magsalaysay | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. B<br>2. A<br>3. A<br>4. D<br>5. A |

| | | |
|---|---|---|
| | ____3. Dahilan ng pagsasagawa ng mga kapistahan.<br>A. bilang pasasalamat sa natamong mga biyaya<br>B. upang makatulong sa hanapbuhay ng mamamayan<br>C. upang maipagmalaking maraming perang panggastos<br>D. bilang pagtanaw ng utang na loob sa mga kapit-bahay<br><br>____4. Mga kapistahang ipinagdiriwang sa buwan ng Enero.<br>A. Ati-Atihan, Moriones, Pahiyas<br>B. Ati-atihan, MassKara, Peňafrancia<br>C. Ati-Atihan, Kadayawan, Panagbenga<br>D. Ati-atihan, Pista ng Itim na Nazareno, Sinulog<br><br>____5. Ito ang ipinahihiwatig ng pagkakaroon ng isang bansa ng maraming kapistahan.<br>A. Mayaman ang bansa sa kultura at tradisyon.<br>B. Maraming mamamayang nakikiisa sa kapistahan.<br>C. Mapalad ang lugar na nagdiriwang ng kapistahan.<br>D. Maraming pondo ang lugar na nagdaraos ng kapistahan.<br><br>**B. Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na mga pang-uri.<br>**I. Lantay**<br>a. matalino - pangungusap:________________<br>b. masipag - pangungusap:________________<br>c. magalang - pangungusap:________________<br>d. matulungin - pangungusap:________________<br>e. masinop - pangungusap:________________<br><br>**II. Pahambing**<br>a. mas matagumpay - pangungusap:________________<br>b. higit na maliksi - pangungusap:________________<br>c. magkasingtapang - pangungusap:________________<br>d. magsinglakas - pangungusap:________________<br>e. di gaanong mainit - pangungusap:________________<br><br>**III. Pasukdol**<br>a. napakatipid - pangungusap:________________<br>b. pinakamataas - pangungusap:________________<br>c. ubod ng bait - pangungusap:________________<br>d. lubhang maingat - pangungusap:________________ | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">e. sobrang yaman - pangungusap:________________________________________</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>